
# AWIT NI DAVID



Dr. James Paul Humphries

**PAMAGAT: AWIT NI DAVID**

ISBN: 978-1-77377-016-1

KARAPATAN@2020 Dr. James Paul Humphries

May-akda: Dr. James Paul Humphries

Editor in English: Lorn Bergstresser

Translator: Grace Carabeo

Proofreader: Elenita Gutierrez Fabro

Artist: Naw Ra (CanaaN)

Disenyo ng pabalat / Layout: Actsco and Naw Ra (CanaaN)

Printed in Canada, Myanmar, India & Thailand by:

Project L.A.M.B.S. International Inc.

Box 20569 Steinbach, MB Canada R5G 1R9

E-mail: projectlambs@gmail.com

Website: www.projectlambs.com

www.discipleshipempowerment.com

www.davidsongs.ca



## Ang Pagsisimula ng Ating Kwento:

May batang lalaki na ang pangalan ay David, isa sa sampung anak na lalaki at dahil siya ang pinakabata, binigyan siya ng trabahong magpastol araw-araw ng mga tupa ng kanyang ama. Sa maraming taon ng kanyang pag-aalaga, iniligtas niya ang mga tupa sa mga mababangis na oso at leon.

Isang araw, habang binabantayan niya ang mga tupa at siya ay nakaupo sa lilim ng punong kahoy na malapit sa ilog, ay may naisip siya na biglang kumintal sa kanyang isipan. Gusto ni David na lumikha ng isang awitin na sasaliwan ng kanyang alpa.

Habang pinagninilayan ni David ang mga liriko na kanyang isinulat, nakita niya na may dalawang uri ng tao. Ang isang uri ay iyong maka-Diyos, nasa tamang landas, at pinagpapala sa lahat ng kanyang ginagawa. Ang ikalawang uri ng tao ay iyong malayo sa Diyos, maling landas ang tinatahak, at nabubuhay ng para sa sarili lamang.

Pagkatapos ng ilang sandali, naisip ni David na kailangan niyang isulat ang kanyang napagnilayan mula sa anim na bersong ito. Pagkalipas ng 3000 libong taon, tayo ngayon ay may mga berso o salita na nakatago at iniingatan sa aklat na tinatawag na AWIT. Ang magandang pangyayari tungkol dito ay ang mga berso/salita na sinulat noon ni David ay akma at naaayon sa atin at sa kasalukuyang panahon.

Kaya, magsimula tayo ng isang paglalakbay ng pagsasalamin at ating tingnan kung paano talagang nangungusap sa atin ang mga salitang ito tungkol sa kung paano maaaring mabuhay ang mga tao sa paligid natin sa mundong ito, tulad ng ginawa nila sa panahon ni David.



# Ito ang isinulat ni David:

1. Mapalad ang taong hindi nakikinig sa payo ng masama, at hindi sumusunod sa masama nilang halimbawa. Hindi siya nakikisama sa mga kumukutya at hindi nakikisangkot sa gawaing masama.
2. Sa halip, kasiyahan niyang sumunod sa kautusan ni Yahweh. Binubulay-bulay niya ito sa araw at gabi.
3. Katulad niya'y punongkahoy sa tabi ng isang batisan, laging sariwa ang dahon at namumunga sa takdang panahon. Ano man ang kanyang gawin, siya'y nagtatagumpay.
4. Hindi gayon ang sinumang gumagawa ng masama, ito ay tulad ng ipa, hangin ang siyang nagtatangay.
5. Sa araw ng paghuhukom, parusa niya'y nakalaan siya'y ihihiwalay sa grupo ng mga banal.
6. Sa taong matuwid, si Yahweh ang pumapatnubay, ngunit ang taong masama, kapahamakan ang hantungan.

Awit 1:1-6 (Magandang Balita Biblia)



Nang tayo ay mga bata pa, isinasama tayo ng ating mga magulang sa simbahan at dinadala sa *Sunday School*. Sa loob ng isang lingo maaari tayong magkaroon ng debosyon, umawit ng mga salmo, magbasa ng Bibliya at manalangin. Ang mga ito ang simula ng pagtatayo ng pundasyon tungkol sa mga pinaniniwalaan na may kinalaman sa Diyos at kung paano Niya tayo nais na mamuhay.

Tinatanggap ng mga bata bilang katotohanan ang lahat ng ibinabahagi sa kanila ng kanilang mga magulang at ng Simbahan tungkol sa Bibliya, at sa paniniwala kay HesuKristo. Nagtitiwala sila sa katotohanang iyon at nararamdaman nila ang pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu. Gusto ng mga bata na marami pang matutunan tungkol sa Diyos, kaya lagi silang nagbabasa ng mga aklat at nagtatanong kung sino ba ang Diyos at ano ang gusto Niyang mangyari sa kanilang buhay. Karaniwan naririnig ng mga bata ang tinig ng Diyos na nagsasabi at tumatawag na mamuhay sila para sa Kanya.

Gustong malaman ng mga bata ang tungkol sa Diyos, kaya't nagbabasa sila ng mga libro at nagtanong tungkol sa kung sino ang Diyos na ito at kung ano ang nais Niyang gawin sa kanilang buhay. Madalas maririnig ng mga bata ang tinig ng Diyos na nagsasalita sa kanila at tinawag silang mabuhay para sa Kanya.

Suriin natin ang anim na talatang ito sa mata ng isang bata, upang makita kung ano ang nais na sabihin sa atin ng Diyos tungkol sa kung paano tayo dapat mamuhay at kung anong daan ang dapat nating tahakin, kung inaasahan nating ang pagpapala at mapuspos ng pagmamahal at kapayapaan mula sa Diyos.


No.4

Sinabi sa atin ni David na suriin nating mabuti kung paano tayo namumuhay at kung para kanino tayo nabubuhay. Mayroon tayong kalabang ispiritwal na nais na saktan at sirain ang mga tao.

Sa ating pagtanda at pag-uukol ng panahon sa pag-aaral ng Bibliya, ating natutunan na mahalagang pagnilayan at isapuso ang salita ng Diyos. Ngunit tila sandali lamang at magtatalo ang ating puso at isipan. Tila hinihila tayo sa dalawang magkakaibang direksyon. Parang hinihikayat nila tayo na makisali sa kanilang mga ginagawa. Sinasabi nila na hindi ito makakasama sa atin, ito ay pangkasiyahan lamang, at pwede tayong umalis anumang oras na gustuhin natin.

Palaging nagsisimba ang mga kaibigan natin tuwing araw ng Linggo, ngunit namumuhay sila sa loob ng isang linggo na salungat at kakaiba sa ginagawa nila kapag araw ng Linggo. Kung lilimiin natin ang Salita ng Diyos malalaman natin na tama ang sinasabi nito at sadyang may mali sa kung paano namumuhay ang mga kaibigan natin.

Itinuro sa atin ni David na iwasan natin ang paraang makamundo. Dapat nating iwasan na sumunod sa paraan ng mga makasalanan, at tigilan ang pakikisalamuha sa mga taong nagsasabi na walang Diyos.

Parang palagi tayong hinihila sa dalawang magkaibang direksyon.



Naunawaan ni David ang kahalagahan ng pagdarasal (ang pakikipag-usap sa Diyos at pakikipag-usap sa atin ng Diyos), ang pagbabasa ng Kanyang Salita (pag-aaral) at pagmumuni-muni (pag-iisip at pag-uugnay) na ang Salita ng Diyos ay para sa bawat isa sa atin.

Sa ating pagtanda, kailangan nating ipagpatuloy ang pagbabasa at pag-uugnay sa Salita ng Diyos, at ang pag-uukol ng oras sa pananalangin. Mahalagang pagbulayan ang isinulat ni David sa mga talatang ito at itanong sa ating sarili, "Nais ba nating mabuhay nang ganoon?" Ngunit minsan, sa ating pagtanda, tila mas nahihirapan tayong sundin ang paraan ng Diyos at ang Kanyang kalooban. Marami tayong mga bagay na dapat gawin sa paaralan, sa trabaho, at sa bahay. Tinatawagan tayo ng ating mga kaibigan na sumama sa kanila na magtungo kung saan-saan.

Tila alam natin sa sarili natin na kung tatanggapin natin ang mga imbitasyon na pumunta kung saan-saan ito ay hindi tama at mararamdaman natin sa kaibuturan ng ating puso na tayo ay nagiging malamig at makasalanan. Parang nagiging matigas ang ating puso sa pamamaraang gusto ng Diyos sa atin.

Mahalagang maniwala sa sinabi ni David, na kung magpapatuloy tayo sa pag-aaral ng Salita ng Diyos, pag-isipan ito (magmuni-muni), at manalangin, gagabayan tayo ng Diyos at pagpapalain sa ating ginagawa. Kung susundin natin ang mga katotohanang ito, magiging malambot ang puso natin sa Panginoon, gagabayan Niya tayo, at ipakikita Niya sa ating ang tamang pamamalakad ng buhay.



Alam ni David kung ano ang magiging kalagayan ng mga tao na patuloy na sumusunod sa PANGINOONG Diyos. Sinabi niya na ang gayong tao ay magiging tulad ng isang puno sa tabi ng ilog. Ang resulta ng pagsunod na ito ay tunay na nakaaapekto sa ating buhay.

**Una:** Tayo ay lalago! Ang ating mga "dahon" ay hindi malalanta. Matutugunan ang ating mga pangangailangan at magkakaroon tayo ng sapat upang lumago at umunlad bilang isang malusog na puno. Ang ating mga dahon ay hindi manlalagas sa lupa, sa halip patuloy na magbibigay buhay sa puno.

**Pangalawa:** Tayo ay mamumunga! Magkakaroon ng bunga ang ating mga sanga. Ang "bunga" ay palatandaan ng kapanahunan at kalusugan. May kakayahan tayong mamahagi sa iba at magbunga ng binhi na maaaring makabuo ng maraming puno.

**Pangatlo:** Tayo ay magtatagumpay! Sapagkat ang Diyos ay kasama natin, ang ating mga kilos sa buhay ay magiging isang pagpapala sa atin at sa iba. Kapag ang patnubay ng Espiritu ng Diyos at ang Kanyang Tinig ang sinusunod natin, tutulungan Niya tayong umusad at maging matatag sa Kanya. Mapagtagumpayan natin ang mga hamon at tukso sa mundong ito.

Nangyayari ito sa mga taong ito dahil sila ay nasa tabi ng ilog ng Diyos, walang iba kundi ang Kanyang mga Salita, ang Bibliya. Ang Diyos ay buhay at ang Diyos ay nagpapaginhawa sa atin. Kung mananatili tayo sa Panginoon at ipagpapatuloy natin na mamuhay ng matuwid sa ilalim ng kapangyarihan at pag-ibig ng Diyos, tayo ay pagpapalain.



Ngayon inilarawan sa atin ni David ang mga taong hindi maka-Diyos at kung paano sila mamuhay. Sa halip na talikuran nila ang makamundong bagay at maging masunurin sa Salita ng Diyos, sinasabi sa atin na sila ay parang ipa o dayami na kayang payirin ng hangin kahit saan.

Sila ay tulad ng basura o mga bagay na walang halaga. Para silang mga baliw kung kumilos at mag- isip. Hindi sila umaasa sa paggabay ng Diyos. Agad-agad titipunin ng magsasaka ang mga walang silbing bagay at ito'y kanyang sisilaban.

Kailangan nating maunawaan na ang mga uring ito ng tao ay napapayid ng hangin sa iba't ibang direksyon ng mundo. Sila rin ay humaharap sa mga pagsubok na maaari namang maiwasan at hindi pagdaanan.

Naunawaan ni David na kapag dumating na ang panahon ng pag-aani, titipunin ng magsasaka ang lahat ng kanyang inani, ang mga ipa at dayami ay ipapatas niya upang sunugin at silaban. Ang lahat ng mayroon ang mga taong tulad nito ay matutupok ng apoy at mawawala.

Nakalulungkot ito, sapagkat kung ang gayong mga tao ay nagtanim ng mabubuting binhi, sana ay nakapagdulot ito ng magandang ani at nakapagpatubo ng pagkain, at ito sana ay naging pagpapala sa magsasaka at sa maraming iba pang mga tao.



Ang mga di maka-Diyos ay mawawala sa kadiliman ng mundo. Ang kanilang buhay ay puno ng mga pagsubok at tukso. Ang mga taong ito ay nagsisimulang lumayo sa katotohanan ng Diyos at nagsimulang tanggapin ang mga pamamaraang makamundo. Nagtitiwala sila sa mga tao, naniniwala sila sa Agham at nananalig sa mga itinuturo at sa pamamaraan ng makamundong pag-iisip. Nawawala sila sa tamang landas dahil sa kahangalan ng tao at sa makalupang hangarin.

Malimit na inaakala ng mga kabataan na hindi sila magagapi, na kaya nilang ilihis ang mga panuntunan kahit magdulot ito sa kanila ng hindi magandang buhay, na pwede silang bumalik sa dating buhay na walang naaapektuhan.. Ngunit ang katotohanan ay mula ng sinunod nila ang kamunduhan, unti-unti na silang nagagapos sa gayong gawi. Huli na ang lahat bago nila mapagtanto na mayroon mali sa kanilang gawi Ang mga "binhi sa pamumuhay" na ito ay humantong sa katiwalian at kamatayan.

Wala na ang pag-asa at kapayapaan sa kanilang mga puso. Minsan puno na nang galit at pagkagahaman, at ang kanilang mga mata ay bulag sa katotohan ng Salita ng Diyos. Hindi na nila naririnig ang tinig ng Panginoon.

Mayroong isang kilalang kwento na tinawag na "Ang Alibugho" kung saan ang pinakabatang anak na lalaki ay hiningi sa kanyang ama ang bahagi ng kanyang mamanahin. Pumunta siya sa ibang bansa upang magtago, sa lugar na walang nakakakilala sa kaniya kahit sino. Namuhay siyang maluho at makasalanan, kasama ang mga taong sa palagay niya ay kanyang mga kaibigan hanggang sa maubos ang kanyang pera. Noon niya napagtanto na "walang pera", "walang kaibigan" at "walang tulong". Nag-iisa na siya!

Ngunit sya ay natauhan at sinimulan niya ang mahabang paglalakbay pabalik sa kanyang ama at pamilya. Hindi niya alam kung mamahalin pa rin nila siya, ngunit naisip niya na baka makakuha siya ng trabaho at kahit papaano ay makakain. Ngunit isang himala ang naganap. Humingi siya ng kapatawaran mula sa kanyang ama at noon din ay pinatawad siya at muling ibinalik ang karapatang maging kanyang anak. (Lukas 15: 11-32).



Marami sa ating mga tao ay hindi napagtanto na ang mga bagay na ating itinanim, tayo ay aani ng bunga, na maaaring mabuti o masama (Galacia 6: 7-8). Ang buhay ay isang paglalakbay na umiikot sa pagtatanim at pag-aani. Nakasalalay sa uri ng ating pakikipamuhay sa ating kapwa at sa Diyos kung ano ang bungang ating aanihin sa dulo ng ating buhay.

Sinasabi sa atin sa kwento ni David na ang mga hindi maka-Diyos ay haharap sa Diyos upang hatulan kung papapano sila namuhay dito sa lupa. Itinatala ng Diyos ang lahat tungkol sa ating buhay sa Kanyang aklat sa langit. Hindi natin maiiwasan ang araw na mabubuksan ang aklat na magsisiwalat ng buhay natin. Haharap tayo sa Diyos na lumalang sa atin at dito ay hahatulan tayo (Paghahayag 20:12). Kung hindi natin pinagsisihan ang ating pagkakamali at hindi tinanggap ang kaligtasang kaloob ng Diyos sa pamamagitan ni HesuKristo, mapapatunayan na tayo ay nagkasala at mapaparusahan ng walang hanggang kamatayan (Rom 6:23).

Ang kamatayan natin dito sa lupa ay nagsasara ng aklat sa pamumuhay natin at nawawala na ang pagkakataon na ito ay mabago. Kung hindi natin tinanggap ang kaligtasan mula kay Kristo, lubusan tayong mawawala magpakailanman. Selyado na ang ating kapalaran. Ibinahagi ni Kristo ang kwento tungkol sa mayamang lalaki at mahirap na lalaki na ang pangalan ay Lazaro. Ang mahirap na lalaki ay napunta sa langit at ang mayamang lalaki ay napunta sa Hades. Doon ang mayamang lalaki ay walang tubig at napapaligiran ng apoy at huli na upang mabigyan pa ng babala ang iba tungkol sa Hades (Lukas 16: 19-31).



Ang kadiliman na mararanasan ng mga naliligaw ng landas at ang paraan ng kanilang pamumuhay ay mag-aalis sa kanila mula sa pakikisama sa Diyos at sa Kanyang mga tao gayundin sa kanyang pamilya sa habang panahon. Kasalanan ang gumagapos sa atin, sumisira sa ating kalayaan at nagtatanggal ng pag-asa sa ating buhay. Mapagtanto ng mga hindi nananampalataya na sila ay puspos ng pagkakamali at malayo sa Diyos.

Makikita nila ang mga anak ng Diyos na sumasamba at nagpupuri sa Diyos, nagtutulungan at nagmamahalan. Makikita nila ang isang pamilya ng mga mananampalataya sa kawan ng Diyos, nagtitiwala at buong pusong umaasa sa Kanya. Ang nasabing naligtas na mga tao ay nakakaranas ng magagandang bagay sapagkat iningatan nila ang kanilang mala-batang pananampalataya at hindi nawala ang kanilang pagmamahal sa Diyos at sa Kanyang Salita.

Ngunit ang mga hindi maka-Diyos ay magpapakita ng walang paggalang at manghahamak sa matuwid na tao ng Diyos. Pagtatawanan at susumpain nila ang mga mananampalataya, pagkat ang iniisip nila na sila ang tunay na matalino at malaya. Gayunpaman, nakalimutan nila ang itinuturo sa atin ng Bibliya na sila ay mga hangal na nabubuhay sa ilalim ng matinding pagkaalipin. "Itinayo nila ang kanilang bahay sa buhangin". Kapag dumating ang mga hangin at alon, lahat ng pinaghirapan nila ay mawawasak (Mateo 7: 24-27). Sa katunayan, kapag sila'y nag-iisa, ang kanilang mga puso ay puno ng takot at pangamba, na ang problema nila ay isinisisi sa iba. Sa loob nila'y may matinding hidwaang nagaganap.



Ang larawan ito ng sangang-daan ay nagpapakita sa atin na dapat tayong mamili. Lagi tayong sinusubok ng pagpapasyang dapat nating gawin. Kapag tayo'y dumating na sa magkasangang-daan, saan tayo patutungo (Mateo 7: 13-14)? Ito'y isang pagpili na may pananagutan. Hindi natin dapat na isisi ito sa iba, at tiyak na balang araw ay haharapin natin ito.

Kilala ng Panginoon ang mga matuwid at alam Niya at kilala Siya ng mga maka-Diyos. Pinili nilang lumakad sa makitid na daan patungo sa buhay na walang hanggan. Habambuhay silang mananatili sa langit kasama si HesuKristo; tinalikuran nila ang makamundong pamumuhay at ang pagkasuwail at, sa pamamagitan ng pananampalataya, naging masunurin sa kalooban ng ating Panginoong Hesukristo.

Ngunit ang hindi maka-Diyos ay namili rin--pinili nila na tanggihan ang Diyos at ang Kanyang pag-ibig at mamuhay ayon sa mapanirang-mundo. Sila ay namuhay na walang sandigan at nabubuhay sila sa kanilang makasariling pagnanasa na tulad ng ipa at dayami na inililipad ng hangin. Sila ay tuluyang mapapahamak.

Pakinggan natin ang payo ni Moses na humahamon sa mga tao:
"Binibigyan ko kayo ngayon ng pagpipilian: buhay o kamatayan; kasaganaan o kahirapan; kapag sinunod ninyo ang mga utos na ibinibigay ko sa inyo ngayon mula kay Yahweh na inyong Diyos, at kung mahal ninyo siya at ginagawa ang kanyang kagustuhan, pagpapalain niya kayo sa lupaing ibibigay niya sa inyo. Bibigyan niya kayo ng mahabang buhay at gagawing isang malaking bansa. Ngunit kapag tumalikod kayo at ayaw nang makinig sa kanya, sa halip ay naglingkod sa ibang mga diyos, ngayon pa'y sinasabi ko sa inyong malilipol kayo. Hindi kayo magtatagal sa lupaing sasakupin ninyo sa ibayo ng Jordan. Saksi ko ang langit at ang lupa na ngayo'y inilahad ko sa inyo ang buhay o kamatayan, at ang pagpapala o sumpa. Kaya, piliin ninyo ang buhay para kayo at ang inyong lahi ay mabuhay nang matagal. Ibigin ninyo si Yahweh, sundin siya at manatiling tapat sa kanya upang kayo at ang inyong salinlahi ay mabuhay nang matagal sa lupaing ipinangako niya sa ninuno ninyong sina Abraham, Isaac at Jacob." (Deut 30:15-20).
Kung ang Bibliya ay tunay na Katotohanan, pumili na tayo ngayon ng landas na ating tatahakin bago maging huli ang lahat. Sarili natin itong pagpapasiya. Maging matalino tayo sa pagpili (2 Cor 6:2).

## Panalangin ng Pangako

Mahal kong Hesus,

Inaamin ko na ako ay nagkasala sa aking sariling kaparaanan. Kailangan kita bilang aking Panginoon at Tagapagligtas. Ako'y naniniwala na ikaw ang nagbayad ng aking mga kasalanan nang ikaw ay mamatay sa krus at ibinuhos mo ang iyong dugo para sa akin, upang ako ay magkaroon ng buhay na walang hanggan. Nakahanda na ako na talikuran ang aking mga kasalanan at magbalik-loob sa iyo. Inaanyayahan kita sa aking puso at isinusuko ko ang pamamahala at direksyon ng aking buhay sa Iyo. Tulungan mo akong maging isang tunay na disipulo mo at sa ibang tao. Salamat sa pag-ako mo ng aking kaparusahan at pagbibigay ng daan upang maiwasan ko ang walang hanggang kamatayan tungo sa buhay na walang hanggang. Salamat narito ka sa puso ko upang ako ngayon ay maging malapit sa iyo at magkaroon ng personal na ugnayan sa Iyo. Amen.

**Katunayan ng Pangako**

Ang aking Kapahayagan:
Inamin ko ang aking pagiging makasalanan sa Diyos, tumalikod ako sa aking kasalanan at naniniwala na pinatawad ako ni Kristo.

Ang aking Pagtanggap:
Tinatanggap ko ngayon ang buhay na Diyos na si HesuKristo sa aking buhay bilang Panginoon at Tagapagligtas.

Ang aking Pangako:
Ibinigay ko ang karapatan sa aking buhay kay Hesukristo. Si Hesus ang aking Panginoon

Petsa ng pagsuko kay Kristo: ______________________

Lagda: ______________________

Saksi: ________________________


PROJECT L.A.M.B.S.
INTERNATIONAL